



PANITIKLOSAN: BILANG KASANGKAPAN NG LOKAL AT KONTEKSTWALISADONG PAGKATUTO NG AKADEMIKONG SULATIN SA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

Ruffa Mae Obis Navarro

Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines

ABSTRAK

Nilayon ng pananaliksik na ito na malaman ang epekto ng PanitikLoSan bilang kasangkapan sa pagkatuto ng lokal at kontekstwalisado sa akademikong sulatin sa pagganap ng mga mag-aaral. Naisakatuparan ito sa pagtugon sa mga sumusunod na katanungan: 1. Ano ang kakayahan ng PanitikLoSan bilang Kasangkapan batay sa Layunin, Nilalaman, Gawain, Pagtataya, Katangian ng Materyal sa Disenyo at Teknikal na Pormat; 2. Ano ang kakayahan ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Tema, Kaisahan at Mekaniks; 3. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa lohikal na pagsulat; 4. May makabuluhang epekto ba ang PanitikLoSan: Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral; at 5. May makabuluhang epekto ba ang antas ng akademikong sulatin sa pagganap ng mga mag-aaral?

Ginamit sa pag-aaral ang palarawang pananaliksik at Purposive Sampling Technique upang makuha at mataya ang kaukulang resulta ng pananaliksik. Ang nagsilbing tagatugon ay ang isandaan at tatlumpu't tatlo (133) na mag-aaral sa San Pedro Relocation Center National High School sa pagtanggap ng binuong materyal bilang pantulong sa pagkatuto sa mga paksa. Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan bilang materyal at nagbigay ng pagtataya batay sa lohikal na pagsulat upang matugunan ang nasabing pananaliksik.

Batay sa mga naanalisa ng datos, ang antas ng paggamit ng PanitikLoSan bilang kasangkapan sa pagkatuto ng lokal at kontekstwalisado sa Filipino batay sa layunin, nilalaman, gawain, pagtataya, at katangian ng materyal alinsunod sa disenyo at teknikal na pormat ay may kaakibat na interpretasyong Lubhang Mataas, gayundin ang antas ng pagsulat ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral. Samantala ang resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa lohikal na pagsulat may mapaglarawang katumbas na Pinakamahusay at may literal na paliwanag na Napakakasiya-siya. Sa kabila nito ay "Walang makabuluhang epekto sa PanitikLoSan: Bilang Kasangkapan sa Pagkatuto ng Lokal at Kontekstwalisado sa pagganap ng mga mag-aaral" at "Walang makabuluhang epekto sa akademikong sulatin sa pagganap ng mga mag-aaral". Samakatuwid, sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga datos at resulta ng pananaliksik, napagtanto na ang PanitikLoSan ay maaaring hindi ang pinakamabisang kasangkapan sa pagtuturo ng akademikong sulatin.

Sa mga natuklasan at konklusyong nabuo, ang mga rekomendasyon na ay naglalayon ng mga sumusunod: ang mga guro at dalubguro sa Filipino ay maaaring gumamit ng iba't ibang kasangkapan at materyales sa pagtuturo ng akademikong sulatin na hindi umaasa sa PanitikLoSan at magpatuloy sa paghihikayat sa mga mag-aaral sa pagpapabuti sa kanilang mga kasanayan sa pagsulat ng akademikong; ang punong-guro ng paaralan ay ipagpatuloy ang suporta sa mga guro at dalubguro na mag-organisa ng mga pagsasanay, seminar, worksyap o SLAC na magpapaunlad sa pagtuturo ng akademikong sulatin; at ang mga mananaliksik sa hinaharap ay maaaring ituloy ang pagsasagawa ng mas malalim na pananaliksik upang suriin ang iba't ibang aspeto sa pagkatuto ng akademikong sulatin.

SUSING SALITA: Kontekstwalisadong Pagkatuto; Akademikong Sulatin;Pagganap

1. PANIMULA

Ang asignaturang Filipino ay nakatuon sa pagtuturo ng Wika at Panitikan. Nililina nito ang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat at panood. Binibigyang pansin nito ang lahat ng bagay na maaaring mapag-usapan, maisulat, maisip, makita at madama.

Gayunpaman, napapansin na ang mga mag-aaral sa panahon ngayon ay hindi gaanong nagpapakita masteri sa mga kompetensi hinggil sa mga aralin. hindi makapagpahayag ang mga mag-aaral sa isang makabuluhang pangungusap, higit lalo kapag tinatanong ang mga ito ng kung anong bahagi ng pangungusap ang kanilang ginamit o kaya naman ang paggamit ng mga bantas at pagbuo ng isang maayos at organisadong sulatin.

Kaya naman sa pananaliksik ni Abad (2019) lumabas ang mga mag-aaral na tagatugon ay nahihirapang bumuo ng pangungusap na nangangahulugang hindi bihasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng tamang wika at hindi alam ang istruktura sa pagbuo ng pangungusap.

Malaking ambag ang lektur ni Buenavista (2016), napatunayang sa kontekstuwalisasyon at lokalisasyon, gumagamit ang guro ng mga awtentikong kagamitan, gawain, interes, isyu at pangangailangan mula sa buhay ng mga mag-aaral. Kahalintulad ito ng pahayag ng isang mag-aaral na si Godda sa panayam ni Buenavista (2016) na kayang matanggap ng mga-aaral ang kaalaman kung ito ay kanilang mararanasan tulad ng lakbay-aral, pangkatang proyekto, demonstrasyon at iba pa. Sa madaling sabi, ang kagamitang – panturo ay lubos na



kailangan sa pag-aaral bilang gabay ng mga guro sa pagtuturo na sadyang mahalaga. Kaya sa kagustuhang mapaunlad pa ang mga istrategiya sa pagtuturo, ang mga Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay nagsasagawa ng mga inisasyon at pamamaraan upang lalong maging epektibo ang pagkatuto para sa episyente at kapaki-pakinabang na pagtuturo (Sims at Sims, 1995 sa pagbanggit ni York, 2013)

Sinabi pa ni Mapa (2014), mananatiling pinakamahalagang bahagi ng pagtuturo at pag-aaral ang pagkatuto. Lumalabas na ang pagkatuto ay nakabatay sa kung paano at anong paraan ang gagamitin ng mga guro sa pagtuturo. Ang mga pamamaraang gagamitin ng mga guro ay nakabatay din sa ninanais niyang resulta na makamit ng mga mag-aaral at maging sa paksa ng kanyang araling kanyang ituturo. Sa pag-aaral na ito, nakitaan nang hindi sapat na kagamitan panlunas sa pagtuturo kung kaya't ito ang ginamit ng mananaliksik na suliraning binigyang-solusyon at makabuo ng isang makabuluhang kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa mga mag-aaral. At ninais din ng mananaliksik na mamulat ang mga mag-aaral iba't ibang literatura at gawi ng bayang kanilang kinabibilangan.

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Maisasakatuparan ito sa pagtugon sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kakayahan ng PanitikLoSan bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa:
 - 1.1 Layunin;
 - 1.2 Nilalaman;
 - 1.3 Gawain;
 - 1.4 Pagtataya;
 - 1.5 Katangian ng Materyal sa Disenyo; at
 - 1.6 Katangian ng Materyal sa Teknikal na Pormat?
2. Ano ang kakayahan ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa:
 - 2.1 Tema;
 - 2.2 Kaisahan; at
 - 2.3 Mekaniks?
3. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa lohikal na pagsulat?
4. May makabuluhang epekto ba ang PanitikLoSan: Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang epekto ba ang antas ng akademikong sulatin sa pagganap ng mga mag-aaral?
6. Anong planong gawain ang nais imungkahi matapos ang pag-aanalisa ng pag-aaral?

Talahanayan 1 Antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Layunin

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
<i>Nauunawaan ang mga salitang ginamit sa layunin.</i>	4.78	0.45	Lubos na sumasang-ayon
<i>Naglalahad ng tiyak at makatotohanan na layunin.</i>	4.82	0.41	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagpapatid ng resulta o kahihinatnan matapos ang talakayan.</i>	4.74	0.45	Lubos na sumasang-ayon
<i>Naiisa-isa ang layunin.</i>	4.75	0.45	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagpapakita ng kahalagahan ng layunin bago at matapos ang paksaang tinalakay.</i>	4.90	0.32	Lubos na sumasang-ayon

2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang disenyong ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay deskriptibong paraan. Ang palarawang pananaliksik ay mga kaganapan sa pag-aaral ay kinapapalooban ng pagtatala, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri at paghahambing. Layunin ng ganitong disenyo na sistematikong mailarawan ang sitwasyon at kundisyon nang makatotohanan at buong katiyakan. Naniniwala ang mananaliksik na makatutulong ang disenyong ito upang makuha ang sapat datos sa kanyang pag-aaral.

3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa presentasyon, analisis at interpretasyong pagpapakahulugan sa pamamagitan ng mga talahanayan upang mabigyang kasagutan ang mga inilahad na suliranin sa pag-aaral na ito. Ang bawat impormasyong nakuha ay inilahad nang maayos sa mga talahanayan.

Antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto

Ang antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto ay sinukat batay sa layunin, nilalaman, gawain, at pagtataya, gayundin ang katangian ng materyal alinsunod sa disenyo, at teknikal na pormat.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga Pahayag, Mean, Standard Deviation at Puna upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Sa Talahanayang 1 ay nagpakita ng antas na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas sa paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Layunin.

Natuklasan na ang *pagtatakda ng layunin bago at matapos ang talakayan* ay napakahalaga, na may markang ($M=4.90$, $SD=0.32$). Ang *pagtatakda ng tiyak at makatotohanang layunin* ay nakatanggap din ng mataas na marka, ($M=4.82$, $SD=0.41$), na nagpapahiwatig na ang pagkakaroon ng konkreto at naaabot na layunin ay kritikal sa pagtuturo at pagkatuto. Bagaman mataas ang pangkalahatang paggamit ng PanitikLoSan, ang pinakamababang marka ay napunta sa pahayag na *nagpapatid ng resulta o kahihinatnan matapos ang talakayan*, na may ($M=4.74$, $SD=0.45$).



Overall Mean: 4.80

Standard Deviation: 0.26

Literal na paliwanag: Lubhang Mataas

Ipinapakita na ang antas ng paggamit ng PanitikLoSan bilang Kasangkapan sa Pagkatuto ng Lokal at Kontekstwalisado batay sa Layunin na may kabuoang mean na 4.80, standard deviation na 0.26 at may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Samakatuwid, batay sa resulta ng talahanayan ay ipinapakita nito na ang malinaw na mga layunin ay mahalaga para sa

epektibong pagkatuto. Ipinapakita nito na bagamat epektibo, mayroong puwang para sa pagpapabuti sa aspeto ng pagbibigay-diin sa mga inaasahang resulta o kahihinatnan ng talakayan.

Nagpapakita ang Talahanayan 2 ng Antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Nilalaman.

Talahanayan 2 Antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Nilalaman

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
<i>Nagsasaad ng obhetibo at katotohanan ang nilalaman.</i>	4.91	0.31	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nakabatay sa kurikulum ng kagawaran ng edukasyon.</i>	4.89	0.34	Lubos na sumasang-ayon
<i>Naglalaman ng lokal na impormasyon at kagamitan mula sa komunidad ng mag-aaral</i>	4.86	0.36	Lubos na sumasang-ayon
<i>Naipakita sa mungkahing modyul ang mga mahalagang aspeto na dapat matutunan.</i>	4.72	0.47	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nakakuha ng atensyon ang nilalaman ng modyul.</i>	4.53	0.58	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.78

Standard Deviation: 0.24

Literal na paliwanag: Lubhang Mataas

Nangangahulugang na walang kinikilingan at batay sa katotohanan ay lubos na pinahahalagahan dito, ito ay ipinapakita sa resulta na may pahayag na *nagsasaad ng obhetibo at katotohanan* dahil ito ay nakakuha ng ($M=4.91$, $SD=0.31$). Samantala, ang mga pahayag na sumusunod sa *kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon* ay may markang ($M=4.89$, $SD=0.34$), na nagpapakita ng kaunting pagkakaiba lamang at nagpapahiwatig ng halos katulad na antas ng pagpapahalaga.

Ang nakatanggap naman ng ($M=4.86$, $SD=0.36$) na pahayag ay ipinapakita nito na mahalaga rin ang pag-aangkop ng mga materyales sa lokal na konteksto upang maging mas relatable at kapaki-pakinabang ang mga ito para sa mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang mga pahayag sa mungkahing modyul na nagtatampok ng mga *maalagang aspeto na dapat matutunan* ay may mas mababang marka na ($M=4.2$, $SD=0.47$). Kapansin-pansin ang pahayag na *ang nilalaman ng*

modyul ay nakakaakit ng atensyon, na may markang ($M=4.53$, $SD=0.58$). Maaaring ipahiwatig nito na bagama't mahalaga ang nilalaman, maaaring kulang ito sa iba pang aspeto tulad ng presentasyon.

Sa kabuoang mean na 4.78, standard deviation na 0.24 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Nilalaman ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Samakatuwid, ipinapakita nito na ang pagkakaroon ng mga elemento na nakakahatak ng atensyon ay mahalaga rin para sa mga mag-aaral upang mas maging interesado at masigasig sa pag-aaral.

Ang Talahanayan 3 naman ay nagpapakita ng antas na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas sa PanTikLoSan batay sa Gawain.

Talahanayan 3 Antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Gawain

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
<i>Nakaangkop ang gawain sa paksang tinatalakay.</i>	4.81	0.46	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagbibigay ng gawain matapos ang pagtalakay.</i>	4.67	0.53	Lubos na sumasang-ayon
<i>Naglalahad ng mga panuto o intruksiyon sa gawain.</i>	4.94	0.24	Lubos na sumasang-ayon
<i>Naglalaan ng sapat na oras sa pagsasagawa ng gawain.</i>	4.83	0.39	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagbabahagi ng gawain batay sa interes.</i>	4.54	0.56	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.76

Standard Deviation: 0.27

Literal na paliwanag: Lubhang Mataas



Batay sa mga gawain at pananaw ng mga tagatugon, lumalabas na ang mga gawain ay akma sa paksang tinalakay, na nakakuha ng markang ($M=4.81, SD=0.46$). Ipinapakita nito na epektibong naiayon ang mga gawain sa mga paksang pinag-aaralan.

Ang pagbibigay ng gawain matapos ang talakayan ay nakatanggap ng markang ($M=4.67, SD=0.53$), na nagpapahiwatig na ang pag-follow up ng mga gawain pagkatapos ng talakayan ay mahalaga para sa pagkatuto. Ang pahayag na *naglalahad ng mga panuto o instruksiyon sa gawain* ay may pinakamataas na marka na ($M=4.94, SD=0.24$), na nagpapakita na ang malinaw na mga panuto ay kritikal para sa pag-unawa at tamang pagsasagawa ng mga gawain. Ang resultang ($M=4.83, SD=0.39$), na nagpapahiwatig na ang paglalaan ng sapat na oras ay mahalaga para sa matagumpay na pagkatuto. Bagaman mataas ang antas ng paggamit ng PanitikLoSan, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *nagbabahagi ng gawain batay sa interes ng mga mag-*

aaral, na may ($M=4.54, SD=0.56$). Ipinapakita nito na may puwang pa para sa pagpapabuti sa aspeto ng pag-aangkop ng mga gawain. May kabuoang mean na 4.76, at standard deviation na 0.27 ay ipinapakita na ang antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa gawain ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Samakatuwid, ang resultang ito ay nagpapakita na ang paggamit ng PanitikLoSan na batay sa gawain ay may malinaw na panuto at instruksiyon na ngunit kailangan pang maiangkop batay sa interes ng mga mag-aaral ang gawan upang mas mapataas ang kanilang motibasyon at pagkakasangkot dito.

Ang Talahanayan 4 naman ay nagsasaad ng Antas ng paggamit ng PantikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Pagtataya.

Talahanayan 4 Antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Pagtataya

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
<i>Akma sa mga mag-aaral sa baitang 11 ang ibinigay na pagtataya.</i>	4.86	0.33	Lubos na sumasang-ayon
<i>Sapat ang bilang ng pagtataya upang maunawaan ang aralin.</i>	4.69	0.51	Lubos na sumasang-ayon
<i>Sumusubok sa kahusayan sa pagsulat ng akademikong sulatin.</i>	4.73	0.46	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nagbibigay ng pamantayan ng pagpupuntos.</i>	4.89	0.35	Lubos na sumasang-ayon
<i>Nasusukat ang kaalaman ng mga mag-aaral gamit ang kritikal na mga katanungan</i>	4.71	0.53	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.78

Standard Deviation: 0.27

Literal na paliwanag: Lubhang Mataas

Nagpapakita ang talahanayang ito na may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubhang mataas* sa PanitikLoSan batay sa Pagtataya. Ang pahayag na *nagbibigay ng pamantayan ng pagpupuntos* ay nakakuha ng ($M=4.89, SD=0.35$), at sa pahayag na *angkop ang pagtataya para sa mga mag-aaral sa baitang 11* ay mayroong ($M=4.86, SD=0.33$), na nagpapakita na angkop at epektibo ang mga pagtataya para sa partikular na antas ng mga mag-aaral.

Samantala, ang *sumusukat sa kahusayan sa pagsulat ng akademikong sulatin* ay nakatanggap ng ($M=4.73, SD=0.46$), na nagpapakita na ang pagtataya sa pagsusulat ay mahalaga, ngunit may puwang pa para sa pagpapabuti. Sa may pinakamababang marka na ($M=4.69, SD=0.51$), ang pahayag na *sapat ang bilang ng pagtataya upang maunawaan ang aralin*. Ito ay may kabuoang mean na 4.78, standard deviation na 0.27.

Sa pangkalahatan, ang paggamit ng PanitikLoSan bilang kasangkapan ng lokal at kontekstwalisadong pagkatuto batay sa Pagtataya, ito ay na nagpapahiwatig na ang malinaw na

pamantayan sa pagpupuntos ay lubos na pinahahalagahan at na maaaring kailangan pa ng karagdagang mga pagtataya o mas maayos na distribusyon ng mga ito upang masiguro ang mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin

Ang Talahanayan 5 ay nagsasaad ng Antas ng paggamit ng PanTikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Katangian ng Materyal sa Disenyo.

Ang pahayag na nagsasabing *nagagamit ang mga larawang natatangi sa lungsod ng San Pedro* ay may markang ($M=4.95, SD=0.21$). Ang parehong pahayag na *nagsasaad na angkop ang mga larawang napili sa loob at labas ng materyal*, at ang pahayag na *napauunlad ang kabatiran sa aralin sa kabuuan ng disenyo*, ay parehong nakakuha ng markang ($M=4.79, SD=0.41$). Ipinapakita nito na ang pagpili ng mga tamang larawan at ang pangkalahatang disenyo ng materyal ay mahalaga sa pagpapabuti ng pagkatuto.



Talananayan 5 Antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Katangian ng Materyal sa Disenyo

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Angkop na mga larawan na napili sa loob at labas ng materyal.	4.79	0.41	Lubos na sumasang-ayon
Nakahihikayat ang kulay na ginamit sa nilalaman ng materyal.	4.74	0.45	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay interes ang istilong na ginamit sa materyal.	4.76	0.46	Lubos na sumasang-ayon
Nagagamit ang mga larawang natatangi sa lungsod ng San Pedro.	4.95	0.21	Lubos na sumasang-ayon
Napauunlad ang kabatiran sa aralin ng kabuuan ng disenyo.	4.79	0.41	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.81

Standard Deviation: 0.26

Literal na paliwanag: Lubhang Mataas

Bagaman may mataas na antas sa paggamit ng mga materyal na ito, ang pahayag na may pinakamababang marka ay nagsasaad na nakahihikayat ang kulay na ginamit sa nilalaman ng materyal, na may markang ($M=4.74$, $SD=0.45$), marahil ito ay hindi ganoon kapektibo. Nakakuha ng kabuoang mean na 4.81 at standard deviation na 0.26 ang paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Katangian ng materyal sa Disenyo.

Batay sa datos na nakalap, ang paggamit ng PanitikLoSan batay sa katangian ng materyal sa disenyo ay nagpapakita na ang paggamit ng mga lokal na larawan ay lubos na epektibo at pinahalalagan. Bagamat epektibo ang kulay na ginamit, ito ang aspeto na may pinakamababang epekto kumpara sa iba pang mga elemento ng disenyo.

Ang Talananayan 6 ay nagsasaad ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Katangian ng materyal sa Teknikal na pormat.

Talananayan 6 Antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Katangian ng Materyal sa Teknikal na pormat

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Simple at nauunawaan ang mga salitang ginamit.	4.65	0.55	Lubos na sumasang-ayon
Tama ang pagbabaybay ng salita at wasto ang gramatika ng mga pangungusap.	4.89	0.32	Lubos na sumasang-ayon
Pagbanggit ng mga pinaghanguan ng ideya, larawan, at impormasyon.	4.83	0.41	Lubos na sumasang-ayon
Mayroong kaayusan ng pormat sa bawat bahagi.	4.83	0.40	Lubos na sumasang-ayon
Nagtataglay ng wastong bilang ang mga pahina at pagkakahanay ng bawat talata.	4.80	0.45	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.80

Standard Deviation: 0.28

Literal na paliwanag: Lubhang Mataas

Sa pananaw ng mga tagatugon, ang tama ang pagbabaybay ng salita at wasto ang gramatika ng mga pangungusap ay nakakuha ng ($M=4.89$, $SD=0.32$). Ibig sabihin nito na ang wastong paggamit ng wika sa PanitikLoSan ay lubos na pinahalalagan at epektibo sa pagtuturo. Bagaman mataas ang antas ng paggamit ng PanitikLoSan, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang simple at nauunawaan ang mga salitang ginamit, na may ($M=4.65$, $SD=0.55$).

Ipinapakita nito na bagamat epektibo ang paggamit ng tamang pagbabaybay at gramatika, mayroon pa ring puwang para mapabuti ang pagiging simple at pagkaunawa ng mga salitang ginamit sa materyal. Ito ay may kabuoang mean na 4.80, standard deviation na 0.28 at ipinapakita na ang antas ng paggamit ng PanitikLoSan Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto batay sa Katangian ng Materyal sa Teknikal na pormat ay may puna na lubos na sumasang-ayon

at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Samakatuwid, ipinapakita ng mga resulta na ang tamang paggamit ng wika ay mahalaga sa epektibong pagkatuto, ngunit kailangang bigyang-pansin ang paggamit ng mas simpleng wika upang mas madaling maintindihan ng mga mag-aaral.

Antas ng Akademikong Sulatin ng mga Mag-aaral

Ilalahad sa bahaging ito ang antas ng pagsulat ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral na sinukat batay sa Tema, Kaisahan, at Mekaniks.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talananayan ang mga Pahayag, Mean, Standard Deviation at Puna upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.



Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ng Antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Tema.

Talahanayan 7 Antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Tema

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Nagpapahalaga sa panitikang lokal at gawi ng lungsod ng San Pedro.	4.92	0.26	Lubos na sumasang-ayon
Nagbabaliktanaw sa kultura, tradisyon, at paniniwala ng mga mamamayan ng San Pedro.	4.85	0.42	Lubos na sumasang-ayon
Nag-uugnay ng sarili, sa bayan, at daigdig sa akademikong sulatin ang tema.	4.80	0.44	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay importansya sa pangkalahatang nilalaman ng akdang isinusulat.	4.86	0.35	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ng pagtangkilik sa panitikang lokal at gawi kasabay ng pagkatuto sa pagsulat ng akademikong aralin.	4.89	0.32	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.86

Standard Deviation: 0.22

Literal na paliwanag: Lubhang Mataas

Ang pagpapahalaga sa panitikang lokal at gawi ng lungsod ng San Pedro ay nakakuha ng ($M=4.92, SD=0.26$), na nagpapahiwatig na ang paggamit ng lokal na panitikan at kaugalian ay mahalaga para sa mga mag-aaral. Ang pahayag na nagpapakita ng pagtangkilik sa panitikang lokal at gawi kasabay ng pagkatuto sa pagsulat ng akademikong aralin ay mayroong ($M=4.89, SD=0.32$). Inilalahad nito na ang pagsasama ng lokal na konteksto sa pagtuturo ng akademikong pagsulat ay epektibo at pinahahalagahan ng mga mag-aaral. Ngunit mataas man ang antas ng akademikong sulatin, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang nag-uugnay ng sarili, sa bayan, at daigdig sa akademikong sulatin ang tema, na may ($M=4.80, SD=0.44$). Ibig sabihin nito na may puwang pa para mapabuti ang aspeto ng pag-uugnay ng personal na

karanasan, lokal na konteksto, at global na pananaw sa pagsulat ng akademikong sulatin.

Ito ay may kabuoang mean na 4.86, standard deviation na 0.22 at ipinapakita na ang antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Tema ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang pagsasama ng lokal na panitikan at kaugalian sa akademikong pagsulat ay epektibo, ngunit kailangan pang pagtuunan ng pansin ang pag-uugnay ng mga mag-aaral ng kanilang sarili, komunidad, at mas malawak na mundo sa kanilang mga akademikong sulatin upang mas mapalalim ang kanilang pagkatuto.

Talahanayan 8 Antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Kaisahan

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Organisado ang pagtatalakay sa mga aralin.	4.86	0.39	Lubos na sumasang-ayon
Madaling masundan ang buong modyul dahil sa pagkakaayos nito.	4.92	0.30	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay diin o emphasis sa akademikong sulatin.	4.68	0.56	Lubos na sumasang-ayon
May wastong pagkakabuo o pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa loob ng akademikong paksa.	4.80	0.43	Lubos na sumasang-ayon
Organisado ang pagtatalakay sa mga aralin.	4.88	0.37	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.83

Standard Deviation: 0.27

Literal na paliwanag: Lubhang Mataas

Ang talahanayan 8 ay nagpapakita ng Antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Kaisahan.

Sa pananaw ng mga tagatugon, madaling masundan ang buong modyul dahil sa maayos nitong pagkakaayos, na nakakuha ng ($M=4.92, SD=0.30$). Ipinapakita nito na ang pagkakaroon ng maayos na balangkas at pagkakasunod-sunod ng mga paksa ay mahalaga sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa modyul. Samantala, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang nagbibigay diin o emphasis sa akademikong sulatin, na may ($M=4.68, SD=0.56$).

Ipinapakita nito na bagamat epektibo ang modyul sa pangkalahatan, mayroon pa ring aspeto na kailangang pagtuunan ng pansin, tulad ng pagbibigay-diin sa mga mahahalagang bahagi ng akademikong sulatin. Ito ay may kabuoang mean na 4.83, standard deviation na 0.27 at ipinapakita na ang antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Kaisahan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang maayos na pagkakaayos ng modyul ay mahalaga para sa mabuting pag-unawa ng mga mag-aaral, ngunit kailangang bigyang-pansin



ang pagbibigay-diin sa mga pangunahing konsepto o bahagi ng akademikong sulatin upang mas mapalalim ang kanilang pagkatuto.

Ang Talahanayan 9 naman ay nagsasaad ng antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Mekaniks.

Talahanayan 9 Antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Mekaniks

Mga Pahayag	Mean	SD	Puna
Mayroong sinusunod na panuntunan sa pagsulat ng akademikong paksa.	4.90	0.30	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay ng malinaw na alintuntunin sa pagbuo ng akademikong sulatin.	4.86	0.35	Lubos na sumasang-ayon
Nakapipili ng angkop na tuntunin sa sulatin.	4.71	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Angkop ang mekaniks sa mga gawaing ibinigay.	4.78	0.43	Lubos na sumasang-ayon
Target na malinang ang kaalaman at kahusayan sa mekaniks.	4.89	0.31	Lubos na sumasang-ayon

Overall Mean: 4.83

Standard Deviation: 0.25

Literal na paliwanag: Lubhang Mataas

Sa mataas na antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Mekaniks, lumalabas sa pananaw ng mga tagatugon na may sinusunod na panuntunan sa pagsulat ng akademikong paksa, na nakakuha ng ($M=4.90, SD=0.30$). Ipinapakita nito na mahalaga ang pagkakaroon ng mga tuntunin o gabay sa pagsulat upang maging maayos at epektibo ang pagpapahayag ng mga ideya sa akademikong sulatin. Ang *target na malinang ang kaalaman at kahusayan sa mekaniks* ay mayroong ($M=4.89, SD=0.31$), na nagpapahiwatig na ang pagtutok sa pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan sa mekaniks ay mahalaga sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangang ito. Ngunit, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *nakapipili ng angkop na tuntunin sa sulatin*, na may ($M=4.71, SD=0.50$). Ipinaliliwanag nito na may puwang pa para sa pagpapabuti sa aspeto ng pagpili ng tamang tuntunin o panuntunan sa pagsulat.

Ang talahanayan ay may kabuoang mean na 4.83 at standard deviation na 0.25, na nagpapakita na ang antas ng akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Mekaniks ay may puna na *lubos na sumasang-ayon* at literal na paliwanag na *lubhang mataas*. Ito ay nagpapahiwatig ng mataas na kalidad ng pagsulat ng mga mag-aaral sa nasabing larangan.

Samakatuwid, ipinapakita ng mga resulta na ang akademikong sulatin ng mga mag-aaral batay sa Mekaniks ay may maayos na

pagkakaayos ng modyul ay mahalaga para sa mabuting pag-unawa ng mga mag-aaral, ngunit kailangang bigyang-pansin ang pagbibigay-diin sa mga pangunahing konsepto o bahagi ng akademikong sulatin upang mas mapalalim ang kanilang pagkatuto.

Pagganap ng mga Mag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa lohikal na pagsulat.

Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga Marka, Frequency, Percentage, at ang Mapaglarawang Katumbas, gayundin ang Berbal na Interpretasyon nito sa ibaba upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Talahanayan bilang sampu ay nagpapakita ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa lohikal na pagsulat, sa kabuoang isang daan at tatlumput-tatlo na tagatugon, ang marka na "26 - 30" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at anim (106) o 79.70% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Pinakamahusay*. At ang marka na "21 - 25" ay mayroong bilang na dalawampu at anim (26) o 19.55% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Higit na mahusay*. Habang ang marka na "16 - 20" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.75% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Mahusay*.

Talahanayan 10 Resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa lohikal na pagsulat

Marka	Frequency	Percentage	Mapaglarawang Katumbas
26 - 30	106	79.70	Pinakamahusay
21 - 25	26	19.55	Higit na Mahusay
16 - 20	1	0.75	Mahusay
11 - 15	0	0.00	Di-gaanong Mahusay
6 - 10	0	0.00	Di mahusay
0 - 5	0	0.00	Lubhang Di mahusay
Total	133	100	
Weighted Mean		26.99	
Pinakamababang Marka		18	
Pinakamataas na marka		30	<i>Napakakasiya-siya</i>
Standard Deviation		2.34	



May kabuoang (*Weighted Mean = 26.99, SD = 2.34*) at (*pinakamababang marka = 18, pinakamataas na marka = 30*) ipinapakita na ang resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa lohikal na pagsulat ay may mapaglarawang katumbas na *Pinakamahusay* at may literal na paliwanag na *Napakakasiya-siya*.

Samakatuwid, ang mga datos ay nagpapahiwatig na ang karamihan sa mga mag-aaral ay mahusay sa lohikal na pagsulat, na may kaunting pagkakaiba-iba sa kanilang mga marka. Ipinapakita nito na ang lohikal na pagsulat ay isang larangan kung saan sila ay nakikitaan ng mataas na kasanayan at kakayahan.

Makabuluhang epekto ng PaniTikLoSan: Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto sa pagganap ng mga Mag-aaral

Ipinakikita sa Talahanayan 11 na ang resultang ito ay walang positibong epekto ang PaniTikLoSan bilang kasangkapan ng lokal at kontekstwalisadong pagkatuto sa pagganap ng mga

Talahanayan 11 Makabuluhang epekto ng PanitikLoSan: Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto sa pagganap ng mga Mag-aaral

Pagganap	B	SE	β	t	p
Constant	26.00	4.951		5.252*	.000
Layunin		1.183	-.129	-.109	.913
Nilalaman		1.155	-.299	-.259	.796
Gawain		1.092	1.523	1.394	.166
Pagtataya		1.124	.682	.607	.545
Disenyo ng Materyal		1.07	-.875	-.818	.415
Tekninal na pormat ng Materyal		1.047	-.679	-.649	.518
R-squared			.029		
Adjusted R-squared			-.017		
Standard Error of the Estimate		2.363			
F(5, 180)				.632	.705

*p < 0.05

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na “Walang makabuluhang epekto sa PanitikLoSan: Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral” ay tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila.

Samakatuwid, nagpapakita na ang PanitikLoSan bilang kasangkapan ng lokal at kontekstwalisadong pagkatuto, ay walang makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral.

Talahanayan 12 Makabuluhang epekto ng akademikong sulatin sa pagganap ng mga Mag-aaral

Pagganap	B	SE	β	t	p
Constant	25.61	4.964		5.158*	.000
Tema		1.146	-.161	-.14	.889
Kaisahan		1.001	.46	.46	.646
Mekaniks		1.113	-.011	-.01	.992
R-squared			.002		
Adjusted R-squared			-.021		
Standard Error of the Estimate		2.368			
F(5, 180)				.095	.963

*p < 0.05

mag-aaral.

Sa pagkuha ng resulta makikita sa talahanayang ito ay tinuos sa pamamagitan ng Beta, Standard Error, Beta Coefficient, T-Value, at P-Value.

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto sa PanitikLoSan: Bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 2.9% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.029). Ang *Layunin, Nilalaman, Gawain, Pagtataya, Disenyo ng Materyal at Tekninal na pormat ng Materyal* ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (6, 126) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamain sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Ipinapakita nito na ang mga variable na sinuri ay hindi nakatulong sa pagpapaliwanag ng pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral, na nangangailangan ng karagdagang pagsusuri at posibleng pagbabago sa metodolohiya o variable na isinama sa pag-aaral.

Makabuluhang epekto ng Akademikong Sulatin sa Pagganap ng mga Mag-aaral

Sa pagkuha ng resulta makikita sa talahanayang ito ay tinuos sa pamamagitan ng Beta, Standard Error, Beta Coefficient, T-Value, at P-Value.



Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto sa akademikong sulatin sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 0.2% ng *variance* sa pagganap ng mga mag-aaral ($R\text{-squared} = 0.002$). Ang *Tema*, *Kaisahan* at *Mekaniks* ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan ($F(6, 126) p > 0.05$), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na “*Walang makabuluhang epekto sa akademikong sulatin sa pagganap ng mga mag-aaral*” ay

Talahanayan 13 Planong gawain na iminungkahi batay sa resulta ng pagsusuri

Layunin	Istratehiya/Gawain	Tiyak na Gawain	Taong Kasangkot	Panahon ng Pagsasagawa
Nabibigyang lunas ang mga mag-aaral na may kahinaan sa akademikong sulatin	Paunang Pagtataya	Pagbibigay ng panimulang pagtataya at pagsusulit para matukoy ang kaantasan ng mga mag-aaral.	Mga Guro sa Filipino Mga mag-aaral	Agosto 2024
Nakapagsasagawa ng mga pagsasanay o SLAC para sa mga guro ukol sa mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng akademikong sulatin.	Ang mga guro ay magkakaroon ng kasanayan at makabuluhang kaalaman sa pagtuturo ng mga aralin.	School Learning Action Cell (SLAC)	Mga Guro, dalubguro at ulongguro.	Agosto 2024 – Enero 2025
Napauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral particular ng mga hindi bihasa sa akademikong pagsulat.	Pagdaraos ng <i>Seminar: Pagpapaunlad sa Kasanayang Pagsulat ng Sanaysay sa mga mag-aaral ng Baitang 11</i> (Improving Essay Writing Skills)	Pagkakaroon ng seminar para sa mga mag-aaral na nagnanais mapaunlad ang kanilang pagsulat pang-akademiko tulad ng pagsulat ng sanaysay.	Mga Guro, dalubguro at ulongguro. Mga piling mag-aaral	Setyembre 2024 – Enero 2025
Nahahasa at nalililang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.	<i>Worksyap: Pagsasanay sa Akademikong Pagsulat</i> ANG UGAT: <i>Campus Journalism</i>	Magkakaroon ng sesyon ng worksyap sa paghahasa sa kasanayang pagsulat tuwing araw ng Biyernes.	Mga Guro Miyembro ng Ang Ugat Mga piling mag-aaral	Setyembre 2024 – Enero 2025

tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila.

Samakatuwid, sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga datos at resulta ng pananaliksik, napagtanto na ang PanitikLoSan ay maaaring hindi ang pinakamabisang kasangkapan sa pagtuturo ng akademikong sulatin.

Planong gawain ang iminungkahi batay sa resulta ng pagsusuri

Ipinakikita sa bahaging ito ay ang planong Gawain ang iminumungkahi batay sa resulta ng pagususri ukol sa PanitikLoSan bilang kasangkapan sa lokal at kontekstwalisadong pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral.

Ang talahayan ay naglalaman ng Layunin, Istratehiya, Tiyak na Gawain, Taong Kasangkot, at Panahon ng Pagsasagawa.



Paghahanda/pagbuo ng kagamitang panlinang (*Strategic Intervention Material o SIM*) para sa mga batayang kasanayan sa pagsulat

Pangasiwaan ng tagapag-ugnay sa Filipino, dalubguro, at iba pang dalubhasa sa Asignatura.

Paghahanda ng makabagong kagamitang panturo.

Mga Guro, dalugguro, at ulongguro

Setyembre 2024 – Enero 2025

4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang sumusunod na konklusyon ay nabuo:

1. Sa haypotesis na nagsasabing “Walang makabuluhang epekto sa PanitikLoSan bilang Kasangkapan ng Lokal at Kontekstwalisadong Pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral”, ay tinatanggap. Ibig sabihin ay walang positibong epekto ang materyal.

2. Sa haypotesis na nagsasabing “Walang makabuluhang epekto ang akademikong sulatin sa pagganap ng mga mag-aaral.”, ay tinatanggap rin. Samakatuwid, hindi na bago sa mga mag-aaral ang ganitong kasangkapan sa pagkatuto ng akademikong sulatin at pagganap ng mga mag-aaral.

Batay sa mga natuklasan at konklusyong nabuo, ang mga rekomendasyon na ito ay naglalayong magbigay ng mga alternatibong paraan at oportunidad para sa pag-unlad at pagpapabuti sa edukasyon at pagkatuto sa kabila ng konklusyon na walang makabuluhang epekto ang PanitikLoSan sa pagganap ng mga mag-aaral.

1. Ang mga guro at dalubguro sa Filipino ay maaaring gumamit ng iba't ibang kasangkapan at materyales sa pagtuturo ng akademikong sulatin na hindi umaasa sa PanitikLoSan.
2. Ang mga guro ay maaaring magpatuloy sa paghihikayat sa mga mag-aaral sa pagpapabuti sa kanilang mga kasanayan sa pagsulat ng akademiko.
3. Ang punong-guro ng paaralan ay maaaring ipagpatuloy ang suporta sa mga guro at dalubguro na mag-organisa ng mga pagsasanay, seminar, worksyap o SLAC na magpapaunlad sa pagtuturo ng akademikong sulatin.

TALASANGGUNIAN

1. Abad, M. (2018) *Kakayahang Panggramatika ng mga Kadeteng Mandaragat ng Philippine Merchant Marine Academy Zambales Taong Panuruan 2018-2019*.
2. Buenavista, Jocelyn (2016), *Paggamit ng Kontekstwalisasyon sa Pagtuturo. Dibisyon ng Paranaque hinango mula sa <https://www.instabrightgazette.com>*
3. York, D.J. (2013). *Investigating a relationship between nonverbal communication and students learning. United States of America: Lindenwood University, School of Education, St. Charles Missouri*
4. Mapa, J. (2014). *Salik_Na_Nakaaapekto_Sa_Pagkatuto_Ng_PagbuoNg Papel_Pananaliksik_Ng_Baitang_11_Sa_Mataasnaka*

hoy_Senior_High_SchoolHinago mula sa <https://www.academia.edu/31927351/>